

Paggamit ng My Number Card bilang Health Insurance Card

Mula Disyembre 2, 2024, sisimulan na ang paggamit ng My Number Card bilang isang health insurance card.

- Hindi na rin magbibigay ng bagong card para sa National Health Insurance at Health Care for the Advanced Elderly mula Disyembre 2, 2024.
- Ang mga health insurance card na may bisa ng Disyembre 2, 2024 ay maaaring gamitin nang hanggang isang taon.
- Ang kasalukuyang ginagamit na "Shizuoka Prefecture National Health Insurance Card" at "Shizuoka Prefecture Advanced Elderly Medical Insurance Card" ay maaaring patuloy na gamitin hanggang Hulyo 31, 2025.
- Kung wala kang My Number Card, maaaring gamitin bilang isang health insurance card ang "Certificate of Eligibility" na ibibigay bilang kapalit ng iyong kasalukuyang health insurance card. (Hindi na kailangan mag-apply).
- Sa pamamagitan ng pagpapakita ng certificate of eligibility sa counter ng isang ospital o iba pang institusyon, maaari kang magpatuloy na makatanggap ng medical insurance tulad ng dati.

Call center para sa My Number (toll-free)

0120-95-0178

Mangyaring buksan ang website sa pamamagitan ng

link sa ibaba para sa iba pang mga detalye.

https://www.mhlw.go.jp/stf/newpage_08277.html

